
## Banghay – Aralin sa Filipino II

**May-Akda** Maria Cristina V. Meneses
**Designation** Teacher II
**Paaralan** San Pascual Central School




**I. Layunin**

1. Natutukoy ang kahulugan ng mga mahihirap na salitang ginamit sa kuwento
2. Natutukoy ang mga salitang ginagamit sa paghahambing o pagtutulad
3. Naibabahagi ang pagmamahal ng isang Ama
4. Naisasagawa ang pagsasadulang may kinalaman sa kabutihan ng isang Ama

**II. Paksang Aralin**

1. ***Pamagat:*** "May Higante sa Aming Bahay"
2. ***May-akda:*** Rhandee Garlitos
3. ***May-guhit:*** Ferdinand Guevara
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa Magulang-Ama

**III. Pamamaraan**

**1. Paghawan ng Balakid**

Tutukuyin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng nakasalungguhit na salita gamit ang konteksto

a. Ipapakita ng guro ang bawat pangungusap. Maaring ipakita ito gamit ang projector at glass board/white screen.
b. Babasahin ng klase ang bawat pangungusap.
c. Tutukuyin ng mag-aaral ang salita, parirala, o konteksto na nakatulong sa pagtukoy ng kahulugan ng nakasalungguhit na salita.
d. Maaaring gumamit ang guro ng kilos upang higit na maunawaan ng mga bata ang kahulugan ng mga salita.

| Salita | Pangungusap | Tanong |
|---|---|---|
| 1. mapakali | Hindi *mapakali* ang mga bata sa paghahanda sa parating na kilalang bisita sa paaralan. | 1. Ano ang salita/parirala o konteksto na nakatutulong sa pagtukoy ng kahulugan ng salita?<br>2. Ano ang naramdaman ng mga bata sa paparating na kilalang bisita?<br>3. Ano ang ibig sabihin ng salitang hindi mapakali? Isulat sa pisara: hindi mapakali - hindi mapalagay |
| 2. bulahaw | Nagising si Karlo sa malakas na *bulahaw* ng kanyang ina. | 1. Ano ang salita/parirala o konteksto na nakatutulong sa pagtukoy ng kahulugan ng salita?<br>2. Bakit nagising si Karlo?<br>3. Ano ang iba pang salita ng salitang bulahaw? Isulat sa pisara: bulahaw – sigaw |



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

| | | |
|---|---|---|
| 3. sumalampak | Dahil sa pagod, agad na *sumalampak* sa mahabang sopa ang Tatay. | 1. Ano ang salita/parirala o konteksto na nakatutulong sa pagtukoy ng kahulugan ng salita?<br>2. Ano ang ginawa ng Tatay sa mahabang sopa?<br>3. Sino ang may gustong magpakita kung papaano sumalampak?<br>Ipapakita ng isang mag-aaral ang tamang kilos ng salitang sumalampak.<br>4. Batay sa inyong nakita, ano ang ibig sabihin ng sumalampak?<br>Isulat sa pisara: sumalampak- humiga |
| 4. kumaripas | Dahil sa takot sa kanyang nakita, *kumaripas* ng takbo si Kuya. | 1. Ano ang salita/parirala o konteksto na nakatutulong sa pagtukoy ng kahulugan ng salita?<br>2. Paano tumakbo si Kuya?<br>Ipakita nga ninyo kung paano kayo kumaripas ng takbo<br>3. Paano kayo kumaripas?<br>4. Sino ang gustong magpakita kung papaano kumaripas ng takbo?<br>Isulat sa pisara: kumaripas- mabilis na pagtakbo |
| 5. ibinalibag | Dahil sa inis, ibinalibag nang malakas ni Martin ang bola. | 1. Ano ang salita/parirala o konteksto na nakatutulong sa pagtukoy ng kahulugan ng salita?<br>2. Bakit ibinalibag ni Martin ang bola?<br>3. Ano ang ginagawa kapag ibinabalibag ang isang bagay?<br>4. Sino ang nais ipakita kung papaano magbalibag ng isang gamit?<br>Isulat sa pisara: ibinalibag-inihagis nang malakas |

**2. Pagganyak**

a. Motivation Question:
   1. Nakakita na ba kayo ng higante?
   2. Saan kayo nakakita ng higante?
   3. Ano ang mararamdaman mo kapag nakakita ka ng isang higante? Bakit?

b. Motive Question
   1. Ano kaya ang naramdaman ng batang tauhan noong nakakita siya ng higante?

**3. Pagbasa ng Kuwento**


T: Pagmasdan ninyo ang pabalat ng libro.

T: Ang ating kuwento sa araw na ito ay pinamagatang *May Higante sa Aming Bahay* na sinulat ni Rhandee Garlitos at iginuhit ni Ferdinand Guevarra. (Gagamitin ang istratehiyang Read Aloud sa pagbasa ng kuwento.)

**4. Pagkatapos Bumasa**

a. Pangkatang Gawain

**Pangkat 1 (Filipino Center)**

Lagyan ng simbolo  ang pahayag na nagsasaad ng paglalarawan ng batang si Matt-Matt sa kanyang Tatay sa pagsisimula ng kwento.



______sinlakas ng leon

______sinlapad ng eskaparate

______sintangkad siya ng poste ng kuryente



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

______sinliksi ng kuneho
______parang kumakahol na asong mataba
______may boses niyang sinlalim ng pag-unga ng baka
______sinlakas ng bagyo

**Pangkat 2 (Drama Center)**
Isadula ang mga bagay na ginawa ng Tatay upang mapalapit ang loob sa anak na si Matt-Matt.

**Pangkat 3 (Filipino Center)**
Iguhit at ilarawan ang tatay ayon kay Matt-Matt (pagkatapos nilang nagsama)

Pangkat III

Si Tatay ay ______________________________.

Si Tatay ay ______________________________.


**Pangkat 4 (Media Center)**
Gamitin ang inyong camera o cellphone upang makagawa ng isang video na nagpapahayag ng pangako mo mo sa iyong Tatay bilang isang mabuting anak.

b. **Talakayan**
1. Sino ang Higante sa kuwento? Ano ang naramdaman ng batang si Matt-Matt noong dumating ang Higante sa kanilang bahay?
2. Paano inilarawan ni Matt- Matt ang kanyang Tatay sa umpisa ng kuwento? Iuulat ito ng **Pangkat 1.**
3. Ayon sa paglalarawan ni Matt-Matt, ano ang naramdaman niya sa kanyang Tatay?
4. Anu-ano ang mga ginawa ng Tatay sa kuwento upang mawala ang takot sa kanya ng bunsong anak? Ipapakita ito ng **Pangkat 2.**
5. Kung Tatay mo ang nasa kuwento, ano sa tingin mo ang kanyang gagawin upang mapalapit ang iyong loob?
6. Nagbago ba ang pagtingin ni Matt-Matt sa kanyang tatay? Paano na inilarawan ni Matt-Matt ang kaniyang Tatay matapos silang magkasama? Pakinggan natin ang **Pangkat 3.**
7. Bilang isang mabuting anak, anu-ano ang mga bagay na maaari mong gawin upang maibalik kay Tatay ang pagmamahal at pagsasakripisyo na ginagawa niya para sa iyo? Alamin natin sa gawa ng **Pangkat 4.**



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**IV. Paglalapat**




Magpanood ng isang maikling video na nagpapakita ng sakripisyo at paghihirap ng mga magulang. Hayaan ang mga batang gumawa ng paghahambing ng video na kanilang napanood sa napakinggang kuwento.
*T: Ano ang pagkakatulad ng video na inyong napanood at kwentong inyong napakinggan?*

*T: Sumasang-ayon ba kayo sa ginawa ng magulang sa video at sa kwento?*

Hahayaan ng guro na ibigay ng mga bata ang kanilang opinyon ukol sa tanong na ibinigay. Maaaring ang bata ay:

- Sumagot sa tanong na ibinigay ng guro
- Sumagot sa opinyon na ibinigay ng kaklase
- Magbigay ng panibagong tanong na pag-iisipang sagutin ng klase

Ipaalala na walang mali sa sagot ng mga bata dahil iyon ay ayon sa kanilang paniniwala at karanasan.
Sa huli, ibibigay ng guro ang punto ng bawat isa batay sa naging diskusyon sa klase.

**V. Takdang-Aralin**
Sumulat ng isang maikling talata na naglalaman ng iyong sariling karanasan kasama ang iyong Tatay o Nanay. Ibahagi kung paano nagpakita ng kanilang sakripisyo ang iyong mga magulang. Lagyan ito ng angkop pamagat.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation